# KAPASIYAHAN BLG. 2024-94

**"NAGBIBIGAY PAHINTULOT SA PUNONG BAYAN, IGG. FRANCIS ALBERT G. JUAN, NA KATAWANIN ANG PAMAHALAANG BAYAN AT LUMAGDA SA ISANG MEMORANDUM OF UNDERSTANDING (MOU) SA PAGITAN NG PAMAHALAANG BAYAN NG BUSTOS, BULACAN AT DEPARTMENT OF HUMAN SETTLEMENTS AND URBAN DEVELOPMENT (DHSUD) AT HOME DEVELOPMENT MUTUAL FUND (HDMF) NA NAUUKOL SA PAGBIBIGAY NG ABOT-KAYA AT LIGTAS NA PABAHAY SA MGA KWALIPIKADONG MIYEMBRO NG INFORMAL SETTLER FAMILY (ISF), MINIMUM WAGE EARNERS, MGA PAMILYANG INILIPAT MULA SA MALAPIT SA PANGANIB, SAKUNA AT IBA PANG MGA MIYEMBRO NG MAHIHIRAP NA KOMUNIDAD SA BAYAN NG BUSTOS, BULACAN."**

---

*Pinagtibay sa pagtataguyod ni:*

**Igg. Soliman C. Santos**

*Tagapangulo*
Lupon sa Pagawaing Bayan, Paggamit ng Lupa at Pabahay

---

**SAPAGKA'T,** naghain ng kahilingan ang Punong Bayan, Igg. Francis Albert G. Juan, na mabigyang pahintulot na katawanin at lumagda sa isang Memorandum of Understanding (MOU) sa pagitan ng Pamahalaang Bayan at Department of Human Settlements and Urban Development (DHSUD) at Home Development Mutual Fund (HDMF);

**SAPAGKA'T,** ang kasunduang ito ay ukol sa pagbibigay ng abot-kaya at ligtas na pabahay sa mga kwalipikadong miyembro ng informal settler family (ISF), minimum wage earners, mga pamilyang inilipat mula sa malapit sa panganib, sakuna at iba pang mga miyembro ng mahihirap na komunidad sa bayan ng Bustos, Bulacan;

**SAPAGKA'T**, sa ginawang pagpupulong ay napatunayang ang kasunduang ito ay lubos na makakatulong upang mabigyang katuparan ang pangarap ng lahat na magkaroon ng sariling bahay.

**KUNG KAYA'T,** sa pagtataguyod ni **IGG. SOLIMAN C. SANTOS** na buong pagkakaisang sinang-ayunan ng lahat ng kasangguning dumalo sa pulong na ito.

**IPINASIYA, gaya ng dito ay IPINASISIYA**, na bigyang pahintulot ang Punong Bayan, Igg. Francis Albert G. Juan, na katawanin ang Pamahalaang Bayan at lumagda sa isang Memorandum of Understanding (MOU) sa pagitan ng Pamahalaang Bayan ng Bustos, Bulacan at Department of Human Settlements and Urban Development (DHSUD) at Home Development Mutual Fund (HDMF) na nauukol sa pagbibigay ng abot-kaya at ligtas na pabahay sa mga kwalipikadong miyembro ng informal settler family (ISF), minimum wage earners, mga pamilyang inilipat mula sa malapit sa panganib, sakuna at iba pang mga miyembro ng mahihirap na komunidad sa bayan ng Bustos, Bulacan.

**PINAGTIBAY,** ngayong ika-14 ng Oktubre taong Dalawang Libo at Dalawampu't Tatlo sa Bulwagang Amado S. Raymundo, Poblacion, Bustos, Bulacan.

**Marie Niña Nikkie Perez, MA**
Kasangguni

**Leo T. Santos**
Kasangguni

**Phillip Wryner B. Santos**
Kasangguni

**Juliet DJ. Dela Cruz**
Kasangguni

**Aljhaneal E. Quiñones**
Kasangguni

**Soliman C. Santos**
Kasangguni

**Wilfredo G. Canoza**
Kasangguni

**John Errick L. Perez**
Kasangguni

**Engr. Fortunato SJ. Angeles, MPA**
ABC President

**Kyle Gabrielle DR. Navarro**
SK President

**PINAGTITIBAY:**

**Martin SJ. Angeles**
Pangalawang Punong Bayan at
Tagapangulo ng Sangguniang Bayan

## SERTIPIKASYON:

Pinatutunayan ko na ang Kapasiyahang ito ay pinagtibay ng Sangguniang Bayan ngayong ika-14 ng Oktubre taong Dalawang Libo at Dalawampu't Tatlo.

**ATTY. GERARDO S. BRIASA**
Kalihim